

MGA DAPAT GAWIN UPANG MAIWASAN ANG SAKIT SA ISDA

- 1. Wastong pagpili ng lugar para sa proyekto**
 - Iwasan ang lugar na malapit sa mga pinanggagalingan ng lason o polusyon.
 - Kailangang may sapat at may malinis na pinanggagalingan ng tubig.
- 2. Wastong disenyo ng palaisdan (proyekto)**
 - Kailangang magkaiba ang pasukan at labasan ng tubig.
- 3. Wastong paghahanda ng palaisdaan**
 - Patuyuan hanggang sa magbitak ang lupa upang mamatay ang ibang isda na hindi kailangan at mawala ang ibang sustansyang nakalalason. Sa pamamagitan nito pinagaganda ang pertilidad ng tubig
- 4. Paraan upang maiwasan ang pagpasok ng predators at peste**
 - Paglalagay ng mga screen sa labasan at pasukan ng tubig upang maiwasan ang pagpasok ng mga ibang klaseng isda na may dala-dalang sakit.
- 5. Maglagay ng magandang lahi ng semilya na nanggagaling sa mga sumusunod:**
 - BFAR-NFFTC, CLSU, Muñoz, Nueva Ecija
 - Mga proyektong pinangangasiwaan ng BFAR.
 - at iba pang proyekto na may “accreditation” sa ibang ahensiya
- 6. I-quarantine ang bagong dating na semilya.**
 - Ihiwalay ang broodstock sa semilya.
 - Suriin at gamutin ang semilyang maysakit bago ilalagay sa palaisdaan
- 7. Tamang pangangasiwa ng proyekto**
 - Tamang bilang sa paglalagay ng semilya
 - Tamang pagpapakain
 - Tamang pagpapataba

- 8. Wastong pangangasiwa ng tubig**
 - Kailangang may sapat na lalim ng tubig at aeration lalo na sa intensive
 - Iwasan ang paggamit at pagdadagdag ng ibang tubig kaysa sa dating ginagamit (mahalaga rin ang pagkakaroon ng reservoir)
- 9. I-disinfect ang mga kagamitan sa proyekto**
- 10. Palagiang pagmomonitor sa paglaki ng kalusugan at buhay ng isda (survival rate)**
 - Puwedeng gamitin ang pagsasampol na hindi masasaktan ang isda.
- 11. Iwasang masaktan ang isda**

MGA GAMOT NA PUWEDENG IBIGAY SA ISDA

- 1. Asin**
 - Pinapatay nito ang ibang mikrobyo (bacteria, fungi at parasitiko)
 - Epektibo rin ito sa paggagamot ng Epizootic Ulcerative Syndrome at Bacterial Hemorrhagic Septicemia
- 2. Apog**
 - Pinapatay nito ang ibang mga organismo sa palaisdaan.
 - Kalinisan ng pasilidad
 - Iniaadjust nito ang asim ng tubig at lupa 350 – 600 kilos bawat ektarya
- 3. Formalin**
 - Epektibo ito sa mga parasitiko ng balat, palikpik at hasang
 - 167 ppm pagbabad sa 1 oras sa tangke
 - 15-50 ppm indefinite period mabaksik ang isda kaya kailangan sundin ang instruksiyon
- 4. Trichlorofan (e.g. negovon) rganophosphate insecticide**
 - Para sa pagkontrol ng ng bulati/uod at ibang parasitiko sa balat – 0.25 ppm indefenite period.

- 5. Dipterex**
 - Pinapatay nito ang bulati at parasitiko sa balat – 0.25 ppm sa matagal na gamutan.
- 6. Oxolonic Acid**
 - Antibayotiko na puwedeng ihalo sa pagkain. Pinapatay ang ibang organismo - 3 mg/kg ng isda minsan sa isang araw sa loob ng 24 na oras.
- 7. Oxytetracycline**
 - Antibayotiko na puwedeng ihalo sa pagkain at pinapatay ang mga bacteria
 - 3 – 5 g/kg ng pagkain sa loob ng 7 – 10 araw.
- 8. Chlorine**
 - Pinapatay ang mga mikrobyo sa mga kagamitan na ginagamit sa panggagamot 1 ml/l sa 30 minuto. Hugasang mabuti bago gamitin.

MGA DAPAT ALAMIN BAGO GAMUTIN ANG ISDA

- 1. Alamin ang tubig**

Ang dami ng tubig ay dapat malaman sapagkat doon nakabase ang dami ng gamot na ilalagay. Ang sobrang paglalagay ng gamot ay nakamamatay ng isda at kung kulang naman ay balewala ang gamutan.
- 2. Alamin ang isda**

Ang bisa ng gamot ay depende sa klase at gulang ng isda. Ibat-iba ang epekto ng gamot sa bawat uri ng isda.
- 3. Alamin ang gamot**

Ang ibang gamot ay madaling mawalan ng bisa kapag mainit ang panahon. Ang paggamit ng gamot sa pagsugpo sa sakit ng isda ay nangangailangan ng wastong kaalaman, upang maiwasan ang pagdami ng gastos.
- 4. Alamin ang sakit**

ANG PAG – GAMOT SA MAY SAKIT NA ISDA

1. Gumamit ng aerator upang magkaroon ng sapat na oxygena ang ginagamot na isda at alamin ang kalidad ng tubig habang ginagamot. Ang tubig na madulas (soft water) ay nangangailangan ng mas mababang timpla ng gamot.
2. Huwag pakainin ang isda ng dalawampung-apat na oras bago gamutin.
3. Plastic ang dapat na gamitin sa paghalo ng gamot. Huwag gumamit ng aluminum. Takpan ng net ang container.
4. Kalkulahing mabuti ang dami ng gamot na gagamitin.
5. Gamutin ang isda sa malamig na oras.
6. Kaunting isda muna ang gamutin at obserbahan ng 12-24 na oras. Kung matagumpay ang pang-gagamot saka ituloy ang pag-gamot ng maramihan.
7. Suriin ang isdang ginagamot.
8. Ulitin lamang ang paggamot kung kinakailangan, depende sa “life history” ng parasitiko sapagkat nakasisira sa hasang ang sobrang gamot. Huwag manggamot na may ibang organismo sapagkat hihina ang bisa ng gamot.
9. Ang mga bentaheng isda ay hindi kailangang ipagbili ng 3-4 na linggo matapos gamutin.
10. Itala ang resulta ng paggagamot para gamiting basehan sa susunod.
11. Obserbahang mabuti ang mga isda habang ginagamot. Kapag may kakaiba silang kilos palitan kaagad ng bagong tubig ang mga ginagamot.

MGA DAPAT GAWIN KUNG ANG ISDA AY MAY SAKIT

1. Ilagay ang isda sa malinis na tubig at kapaligiran.
2. Bawasan ang bilang ng mga isda na nakalagay.
3. Bawasan ang sobrang pagpapakain.
4. Bawasan ang paglalagay ng anumang uri pataba (Organic at Inorganic).
5. Laging tingnan ang kalidad ng tubig.
6. Linising mabuti ang mga daluyan ng tubig (nets) upang magkaroon ng tuloy-tuloy na daloy ng tubig.
7. Kung hindi na maiwasan o masugpo ang sakit ng isda, kailangan ng gumamit ng gamot. Ang paggamot ay ang pinakahuling solusyon na dapat gawin.

Para sa higit na impormasyon maaaring tumawag, sumangguni, o lumiham sa:

Tagapangasiwa


BFAR-NFFTC

CLSU, Muñoz, Nueva Ecija


Tel No. (044) 4560-671/4560241

Fax no. (044) 4560-671

MGA DAPAT GAWIN UPANG MAIWASAN ANG SAKIT SA ISDA



NFFTC Technology and Information Services


 Department of Agriculture
 Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
 National Freshwater Fisheries Technology Center
 CLSU Compound, Muñoz, Nueva Ecija